# Delphi

(isang sipi mula sa work-in-progress)

*Luna Sicat-Cleto*

Nasaan ang anak ko?

Ito ang tanong ni Mrs. Redempcion na hindi masagot ni Mr. Fajardo. Kahapon, nagmiting ang Man Comm hanggang alas-otso ng gabi, nalipasan na ng trapik sa sentro, at umuwi na ang mga empleyado sa mga tahanang malamig na ang sinaing. Pagod na ang staff, at kaya itong basahin ng kahit sino. Namamali na ang ulat sa bawat umaga na pagkikita, masungit na ang pagtatanong ng iba kung dumating na ang snacks sa canteen. Kahit ang mga bata, ramdam ang krisis. Panay ang tawag ng mga magulang, at gayundin sila. Mabuti na kamo at naimbento na ang cellphone. Kung hindi, araw-araw sigurong puno ng mga tatawag o tatanggap ng tawag ang opisina ni Ms. Cleofe.

Dalawang linggo na silang hindi makapagdesisyon. Dumating na, noong isang araw pa, ang subpoena mula kay Mrs. Redempcion. Akalain mo. Huling taon na ng kaniyang paglilingkod bilang director, praktisado na nga niya ang moment ng pagbibigay ng farewell speech, at heto, nangyari ito. Hay. Pero ang mga probabilidad ay nariyan na. Arts school ito: at hindi lang basta arts school. Ito lang ang bukod tanging institusyon na nangangako, nangangarap, at nagluluwal ng mga talentadong pianista, ballet dancer, pintor, violinista, writer. Boarding school ng mga kabataang nawawalay sa mga magulang at kailangang bantayan at alagaan. Kulang ang mga metapora ng botany at biology para ilarawan ang kaibahan ng mga kabataang ito sa iba pa – mas sensitibo sila, mas babasagin ang krisalis kaysa sa iba, iba ang lipad.

Kagaya ng nawawalang anak ni Mrs. Redempcion na si Delphi.

That girl – I cannot even remember who she was. Ipinaalala pa ni Ms. Cleofe kung sino siya, sa roster ng kabuuang populasyon ng mga estudyante na aabot sa 80. Hindi n'yo ba siya naalala? Siya 'yung dalagitang laging nakaitim? And why do you wear black? I'm mourning for my life, sabi ng karakter ni Ibsen. At nagulat siya na siya nga, siya nga 'yung batang nagsabi nito sa inosente niyang pagtatanong kung bakit siya laging nakaluksa. I'm mourning for my life. Pero namumukod ba ang nakaitim na iyon, sa dinami-dami ng mga kabataang ika nga'y masasabi ring may pagka-dark? Batik ba siya sa kaputian ng paligid? Hindi siguro. Sa eskuwelahang iyon, weird ang normal. Pinakamarami ang freshmen, trenta. Sumunod ang sophomore, beinte kuwatro. Junior, 16. At senior, 10. Nalalagas ang bilang ng freshmen taun-taon – may matatalsik dahil mahina ang academic performance, may hindi makakapasa sa mga arts class, may mahuhuling natutulog sa kung saan-saan, o anumang disciplinal issue. Sa mga napapauwing mga kabataan na iyon, pinakamasaklap iyong napauwi dahil hindi pala ito kasing talentado ng karamihan. Ilan sa kanila ang bukod tanging nakapag-aral sa mga liblib na komunidad – parang sibol ng eksotikong bulaklak sa paligid ng burak, ng niyog, ng agahang dilis at saluyot. Lumuwas ang mga kabataang iyon sa Los Baños, umakyat sa bundok Makiling, matapos ang pistang idinaos, na ginastusan ng mayor o kagawad. Pagkatapos, uuwi lamang na hatid ng traysikel, nag-iisa,balik sa paligid ng burak, niyog at agahang dilis at saluyot, baon ang sulat na pirmado niya. Parang talunan sa reality show.

But this girl, hindi siya kabilang doon. Hindi siya kabilang sa great unwashed, 'yung paboritong phrase ng kanyang mentor sa teatro. May kaya ang mga magulang, lalo na ang ina, ng batang ito. One look at her form 137-A would tell you that. Forbes Park. Cambridge Circle. Aba, hindi na magugulat si Mr. Fajardo kung malalaman niyang may kaanak itong nawawalang dalagita na ito na somebody powerful. Iyon naman ang subtext ng phone call ng ina nito kahapon. She knows some people. Lagi nitong ipinapaalala, even before this incident, na siya, si Mrs. Yna Reformina Redempcion, ang bukod tanging pintor na babae sa Pilipinas na kayang pakainin ang sarili sa kaniyang art. Her paintings have been exhibited here and elsewhere, nakarampa na sa mga auction houses, naretratuhan na sa mga tanyag na katalogo ng mga art collections. That was how she introduced herself, noong friends pa sila sa initial meeting ng staff sa mga magulang at mga kabataan a month before that semester. Suot ni Mrs. Redempcion

ang atypical na costume ng mga successful art personalities: mamahaling bestida na chiffon, designer shoes at de salon na buhok. A perfect ensemble for an actress in a tea party. She was very flattered nang sinabi niyang I like your dress. Beso-beso, yung eksaktong dampi lang ng pisngi at paghalik sa hangin. Kaunting small talk tungkol sa traffic, sa mga corrupt na politiko, sa sangkaterbang kalat sa Kamaynilaan.

Most of the parents avoided her, he observed. Pagkaraan ng ilang tungga ng red wine, maingay na kasi ito. Nawala ang class ng tea party dress at nasaniban na ng kaluluwa ng laos na bold star. We've been friends since I was an unknown in college, di ba direk? Even before you became a noted actor?

Nangingiti ang ibang mga magulang. Karamihan sa kanila'y mga ordinaryong empleyado lang: sa eskuwela, sa mall, sa bangko. May mangilan-ngilang OFW. Walang may come uppance sa kanila na maging pamilyar agad, di tulad ni Mrs. Redempcion.

Of course they haven't seen any of your plays, di ba direk? Chekhov, Shakespeare, that was the repertoire, right? Buhay na buhay pa noon ang Bulwagan. I remember those evenings na umuuwi kaming mag-asawa from a performance feeling giddy and excited still, after watching those plays.

Bahagyang nangangaligkig si Mr. Fajardo sa tinuran ni Mrs. Redempcion. *Call me Yna.* (Check. But I won't call you Ina to your face. You're much too old for that ingenue name.)

And siyanga pala, this is my husband, Tito. (Muli, naalala niya ang itsura ng asawa nito: simple, walang kaere-ere. Puting polo shirt, khaki pants, nice sensible shoes. Wore the sad, dignified air of academics. Obviously embarassed by the wife.) May sinasabi pa si Mrs. Redempcion hinggil sa reputasyon ng kaniyang asawa. Na ito'y isang scientist at madalas na maimbitahan sa mga kumperensiya sa climate change. Tila nairita ang lalaki sa pakilala sa kaniya at walang pasabi na umalis ito, nagkunwang nauuhaw at uminom ng punch, na hinagis lang niya sa katabing halaman.

Saka lang lumapit sa kanila ang bata – si Delphi.

"She has an interesting name," natatandaan niyang nasabi kay Mrs. Redempcion.

"She certainly does. Galing kami noon ng aking asawa sa Greece. We were enchanted with the place, lalo na 'yung tinatawag nilang Oracle. Hence the name."

Ngumiti lang ang dalagita. Black t-shirt, black jeans, black shoes, black sooty make-up. Medyo mataba. Mukhang uwang sa itim na suot.

Ngayon, nasaan na ba ang itim na uwang na iyon? Napahalukipkip siya sa lamig. Malamig talaga sa Makiling tuwing madaling-araw. Kahit sa Marso. Habang iniihaw na sa init ang Kamaynilaan, sa bundok, nagjajacket ang mga tao.

"O, gising ka na?" ungol ng lalaking katabi niya. Pupungas-pungas itong bumangon, humalik.

"Archie, ano ba? Sinabi ko na sa 'yo na sa lugar na ito, we have to be discreet? I'm the one who's running the place."

"Are you sure about that mother?"

"Careful, may six o'clock trip pamaya-maya and you may just find yourself aboard that bus."

Nagkibit-balikat na lang si Archie. Nag-inat, sinadya ba niya o hindi na itapat ang katawan sa kaniya at sa repleksiyon ng salamin, nakikita pa niya ang pagkisyaw ng mga muscles nitong talagang pinagpuhunan ng maraming oras sa gym. Patag ang abs, maganda ang hubog ng binti, braso. Pero maliit. Alam niya ito at alam ito ng buong kapatirang naging karelasyon na nito. Sa liit ba naman ng mundo ng teatro, kayo kayo lang rin naman ang magkakasama sa cast party, opening night, auditions, at kayo-kayo lang rin ang mag-aagawan sa mga minor-major -major major -acting roles o directorial stints.

"Dapat kasi, inurungan mo na ito. Ikaw ang first choice sa role, sabi ni Direk."

"Sabihin mo sa kanya tumigil na siya sa plastikan ha? We all know na sinulot ng aging lover niya ang role. Ano'ng ako ang first choice. Che!"

"Bakit ka ba nagtataray?"

"Wala. Go back to sleep. I have a lot of things in my mind."

"Are you still worried about that student? Tama na. Move on na. Tingnan mo nga ang sarili mo. Mas puyat ka pa sa tandang."

"Easy for you to say. Hindi ikaw ang hinahabla."

"Sabihin mo na lang kasi sa hitad na 'yon na nagpasearch party na kayo't halos hinalughog na ninyo ang anit ng bundok..."

"At wala kaming nakitang kahit na ano..."

"Well, paasahin mo naman ng konti."

"Like how? Excuse me, nakita namin ang panty ng anak ninyo pero ewan namin kung nasaan siya?"

Tumahimik na lang si Archie. Tila alam nitong walang patutunguhan ang usapan. Sa halip, sinasaksak na lang nito sa tenga ang earphones ng

iPod, dinampot ang weights sa sahig at nag-exercise, inuusal ang bilang ng repetisyon na akala mo nagrorosaryo. Hindi na ito muling tumingin sa kaniya at alam niyang nag-zone out na ito.

Sa isang iglap, nagka-interes muli ang media sa eskuwelahang iyon. Hindi na ito basta tinitingnaan bilang katapat ng Julliard, o isa sa mga bakas ng edifice complex ng Marcoses. Mula sa pagiging white elephant na kinukuwestiyon ang praktikalidad, pati ang seguridad ng mga kabataang nag-aaral doon ay nauukilkil. How safe are they, ngayong nalantad na may isang dalagitang katorse anyos na nawawala sa gitna ng kagubatan? It didn't help na alam ng mga tao ang alamat ng bundok na iyon. Ng diwatang nakatira doon. Ng mga lamang lupa't engkanto na posibleng naninirahan doon. It didn't help na may paranoia ang tao sa posibilidad na baka nagahasa ang dalaga, na-gang rape o napagtripan ng mga lulong sa droga. Magmula nang nalantad ang balita, naging sunod-sunod na rin ang coverage ng media sa mga drug-related crimes na palasak sa area na iyon... na para bang ang kademonyohan ng lungsod ay sumasanib na sa "liblib" na probinsiya ng Calamba o ng Los Baños, hesusmaryosep, patawarin, lugar pa naman ng kapanganakan ng pambansang bayani na nagbuwis ng buhay sa Luneta.

And it didn't help the reputation of the school either. Kumakalat ang tsismis na nagmimiting na rin ang Executive Board, at baka i-scrap na lang ang eskuwelahan, ia-absorb na lamang ng ibang mga state-run high schools – kahit ba nakasentro sa Science o Technology – ang mga estudyanteng casualty ng insidente.

The first time he heard the rumor over coffee, muntik na niyang maisprayan ng sipon niya at ng kape ang kaharap niyang guro. But that's absurd, ang nasabi na lang niya. Abysmally so. How can students of the arts – future artists – be future scientists?

Tamang-tama na pagkasabing pagkasabi niya no'n, siyang anunsiyo ni Cleofe na nasa waiting area ng office niya ang babaeng ayaw niyang makaharap.

Lord, have mercy.

Pero pagbukas niya ng pinto, hindi isang babaeng naka-tea party dress at de salon na buhok ang sumalubong sa kaniya kundi isang babaeng tila pinabili lang ng suka sa kanto at may media ID.

"Sir, I'm Ina Reformina of Channel 2."

Ipinasiya niya noon din na wala nang small talk-small talk, kaagad niyang sinagpang ng tanong ang babaeng pinabili ng suka.

"Haven't you had enough? Nasa mga diyaryo na ang balita. Kayo na yata ang hindi pa nakakaalam."

"Gusto ko lang pong i-verify kung totoo nga po ang sinabi ng aming source na two weeks na raw na nawawala ang anak niya and yet you haven't declared her missing...Mag-aapat na linggo na po Sir ever since her disappearance."

The girl was batting her eyelashes like crazy.

Sasabihin na sana niya: "I need to talk to my lawyer first."

Pero nakita na niyang may tumayong aparisyon na naka-chiffon. Nakaupo sa isang sulok. Awtomatiko niyang nasilip ang bintana. May mga tv crew na nag-i-interview ng mga estudyante sa labas. Gamit ang voice training na natutuhan niya sa post doc niya sa Gresya, sinigawan niya ang crew. "Hey. Wait a minute. You have no right barging into this school without an official appointment!"

"Well, my apologies Mr. Fajardo, noted actor. I've decided it's time to act," sabad ni Mrs. Redempcion.

Bumaling ito sa katabi niyang reporter. "Pleased to know that you were able to make it at such an early hour."

Ngumiti lang si Ina.

"If you'll ask me, magandang ma-interview ang mga kadorm ng anak ko. You might gather something there na hindi pa nako-cover ng imbestigasyon ng eskuwelahang ito."

"Hindi po ba ninyo natanggap ang aming finile na report?"

"Natanggap. Pero anong silbi ng mga log-in-log-out na time check at place monitoring kuno? My daughter is still missing."

"Well kung ganito rin lang then so be it. Nasaan ang camera? Ok. Diyan ba? Here is the official announcement: Last February 14, a student named Ms. Delphi Redempcion disappeared within the school's premises. She failed to show in the houserounds. All the students who were questioned recalled that on that fateful day, she was attending her History class. She asked to be excused. She did not return – not to her class, or her lessons after. She did not board the bus nor did she show up for dinner. At dawn, we searched the premises. No sign of her. All her things are intact – clothes, laptop, etc."

"So what do you believe is the cause of her disappearance?"

"Each of the learners here are gifted in the arts. She may have run off somewhere, enrapt with an idea, and could not find her way back."

"Baka naman po nagtanan?"

"Sumama sa NPA?"

Nagtawanan ang lahat, maliban kay Mrs. Redempcion at Mr. Fajardo, sa mga unsolicited comments ng crew.

"Do you have a file photo of this student?"

Awtomatiko nang iniabot ni Cleofe ang retrato, passport-sized, sa media.

"Wala ho ba kayong mas malaki-laki rito?"

Tila napahiyang nagsenyas si Mr. Fajardo kay Cleofe, pero nagsenyal itong wala na silang naitagong biswal na dokumento. Maingay na bumuntunghininga si Mrs. Redempcion at naglabas ng makakapal na photo album na bitbit niya sa isang sosyal na pasiking. Kumuha ang reporter ng pinaka-recent, tinapat sa camera, at may nagsabing ia-adobe photoshop na lang.

"No, I refuse that! You must show her just as she is."

"No Ma'm, you misunderstood us. Ang ibig po naming sabihin ay..."

Kumaway lang ang babae, dinismiss na ang mga paliwanag.

"It's alright. Mukhang nagkaintindihan naman," singit ni Mr. Fajardo.

"I'm so glad you've come to your senses," pahayag ni Mrs. Redempcion sa kanya. "Useless nang -ideny na nasa tabi-tabi lang ang anak ko. It's been four weeks! Oh My God. Oh My God." At tila on cue na nagnervous breakdown si Mrs. Redempcion sa harap ng camera. Praktisado ang pahid ng tissue sa sulok ng mga mata na akala mo nagtatapat na presidential prodigal daughter.

Hindi na matagalan ni Mr. Fajardo ang eksena. He excused himself. Bahagya niyang naririnig ang sinasabi ni Mrs. Redempcion sa kaniyang pagtalikod:

"Yes, she was gifted. She was exactly like me in my younger days. Winning prizes for amateur painting contests. Except that she's more of an introvert…takot sa tao.Nagkukulong lang sa room niya to finish a painting, a study. No, she has no boyfriend. No. I am sure. I have tapped all our phones at walang nanliligaw sa kanya."

And what about her father Ma'm? Does he know about this?"

"He's in Malaysia right now, nasa fieldwork."

"Kumusta na po siya?"

Napapangiwi si Mr. Fajardo sa pekeng malasakit ng tanong. Samantala, sumisidhi ang drama, ang iyak ni Mrs. Redempcion. Sumenyas ang direktor

ng crew na ilapit pa, itutok pa sa mukha, at parang nakikini-kinita na niya kung papaano titimplahin ang shot. Mater Dolorosa. Dissolve to sa majestikong tanawin ng bundok Makiling, sa portrait ni Madame. Habang abala ang crew ng media sa pag-aasikaso kay Mrs. Redempcion, may lalaking biglang pumasok. Si Mr. Redempcion!

Parang nakoryente siya sa silyang kinauupuan, at kaagad niyang sinalubong ang ama ng estudyante. Gayon pa rin ang ayos nito katulad ng huli silang magkakilala, ngunit ngayo'y parang nagusot-gusot ang polo't pantalon at ilang araw nang hindi nakapag-aahit.

Wala nang small talk small talk. Dumeretso kaagad ang tatay sa rekomendasyon.

"So, has there been a search party?"

Ipinaliwanag niya na nagawa na iyon, at nang sisingit sana ang broadcaster sa kanilang usapan, suminghal ang tatay sa crew.

"Puwede ba? Lubayan n'yo muna kami. We want to talk to Mr. Fajardo alone. Give us some space!"

At may estudyanteng nagtatakbo, bumulaga sa pintuan. "Sir, Sir, si Delphi, nakita na!"

"Saan?"

"Sabi ni kuya, nandoon sa chapel."

In all his life, hindi pa nagdarasal ng ganoon kataimtim si Mr. Fajardo. Na-stroke noong '04 ang lola niya na nagpalaki sa kaniya, a stroke that she never recovered from. Araw-araw, iyak siya nang iyak habang naglalakad siya ng pasilyo ng ospital o namimili ng instant noodles at canned peaches sa grocery. Nagdasal siya noon, taimtim, na sana pagbalik niya, gumising na mula sa coma ang lola niyang naatake. Hindi iyon nagising. Noong '87, namatay ang una niyang marubdob na pag-ibig, isang Pranses na nakilala niya sa post doc theater program. He was mugged. Nagdasal din siya, taimtim, na sana mahuli ang mga nambugbog. Walang nahuli. Ngayon, natagpuan na ang isang hindi niya kaano-ano, na kung tutuusin ay sagot sa taimtim rin niyang dasal. Buhay. Humihinga. Pero ano pa? Ano pa ang puwedeng mangyari sa isang dalagitang nawala at natagpuan muli, at makikitang nakahandusay sa bangko ng kapilya?

Ang kapilyang ito'y itinayo sa balikat ng isa pang burol, tanaw ang Laguna de Bay, walang mga pader, kaya ideal na venue para sa isang dream wedding. Para sa mga suckers ng communing with nature. Disneyesque na may ibon na bibitbit ng trahe de boda. Of course pantasya lang. And it is

precisely that fantasy kung kaya kumikita rin kahit paano ang kapilyang iyon. Nakatutulong rin kahit paano ang profit nito para ma-offset ang tumataas na gastusin ng maintenance ng eskuwela – sa araw-araw na biyahe na aabot ng ilang libo, tumataas ng 100 percent sa bawat taon.

At hindi mapigilan ni Mr. Fajardong mag-isip ng future forward. Ngayong nakahandusay sa bangko ng kapilyang iyon ang dalagitang nawala't natagpuan. How will this affect the school? Can the damage be undone? At kung magising nga, hindi ba't parang perfect fantasy rin ang setting?

Hindi walking distance ang kapilya at kinailangan pang sumakay ng shuttle (gastos na naman) bago makarating doon. For the first time in years, traffic sa Makiling, usad pagong ang mga sasakyan sa bitukang landas ng bundok, patungo sa lugar na iyon na pagkalapit-lapit. Nawalan ng tiyaga ang mga magulang, di na nakapaghintay, at linakad ang destinasyon.

Mas nauna pa sila sa nakasakay. Hinihingal na umupo muna sa damuhan si Mrs. Redempcion. Tuloy sa lakad-takbo ang kaniyang kabiyak. Malayo pa lang, tanaw na niya ang budbod ng mga nakikiusyoso.

Nitong mga nakaraang taon, nahihirapan na sina Mr. Fajardo na palayasin ang mga nag-squat doon sa itaas, at binigyan pa nila ng empleyo ang mga ito kaysa mas mahirapan pa sila sa paghahanap ng mga tagalinis, tagaluto't tagalaba, at tagapagbantay.

Eksenang pieta ang naabutan niya sa kapilya. Kalong ni Mr. Redempcion ang ulo ng anak, tinawag-tawag ang pangalan. Walang galos at walang sugat ang dalagita, walang dungis ang suot na unipormeng puting kamiseta't maong. Para ba'ng nalingat lang ang lahat at naroon lang pala ang bata't nakatulog lang sa bangko.

Humihinga. Himbing na himbing. Pero ayaw magising. Ayaw nang magising.

Nasa kuwarto na siya na puti ang mga pader, may hiwa ng araw sa isang sulok, katapat ng mukhang may koronang tinik na nakatingin, hindi ngumingiti.

Wala nang naalala si Delphi sa nangyari sa kaniya. Blangko ang utak niya, hindi ma-rewind. Kahit i-supply pa ng mga nakapaligid ang mga detalye – *nasa Magnetic Road ka noon* – bigla ka na lang umalis noong klase na natin sa History – ano ba'ng ginagawa mo doon? Sinong dumukot sa iyo? Baka naman may natatandaan ka, kahit mukha, kahit pangalan, kahit detalye ng bahay, o ng kalsada.

Nag-mute ang lahat, parang kagaya ng monitor ng tv na wala kang makikita kundi marmol ng grey na linya. Gumagalaw ang bibig ng nanay niya, ng nars, ng tatay niya, ng doktor. Sa huli, huminga na lang ng malalim ang nanay niya, umalis. Naiwan sila ng tatay niya sa loob ng kuwarto. Hinawakan lang nito ang kaniyang mga kamay, hinahaplos ang kaniyang buhok, binubulong, "matulog ka muna, matulog ka muna..."

Sa kumpol ng mga taong nakatagpo't nakasalamuha niya sa bundok, namumukod ang babaeng iyon. May korona ring nakaputong sa kaniyang ulo, ngunit hindi iyon tinik. Sanga-sanga, dahon-dahon, baging- baging. Nagluluksa sa suot niyang blusa't saya na luray-luray at animo'y basahan. Nakayapak. Mamasa- masa ang mga sugat sa kamay, leeg, braso, binti. Namumulaklak ang ketong, nangangamoy. Kahawig ng amoy ng mga sugat na nagnanana ang isang tutang matagal nang hindi naliligo. Sa isang galaw, binasa nito ang dulo ng kaniyang hintuturo ng sariling laway, at saka ipinahid nito ang laway sa kaniyang noo, sa bibig, dibdib. Pakrus na pahid. Waring pagtanggap sa banal na salita tuwing misa. Isinasaisip, isinasabibig, isinasapuso.

Mapandiring tao si Delphi. Pero nang nadampi siya ng hintuturo ng estrangherong iyon – sa noo, sa labi, sa dibdib – wala siyang palag.